



**PAGLISAN SA
MAPANG-ABUSONG RELASYON**

**MGA IMPORMASYON UKOL SA
KUSTODYA AT ACCESS
SA MGA KABABAIHANG MAY
MGA ANAK**

MGA NILALAMAN

Ano ang Pang-aabuso?	3
Saan Maaaring Humingi ng Tulong?	4
Pangangalaga sa Iyong Sarili at ng Iyong mga Anak	7
Ano ang Magagawa ng mga Hukuman Upang Makatulong? ..	8
Ano ang mga Maaaring Mangyari sa mga Anak? Kustodya, Pangunahing Tirahan, Access at Pangangalaga ...	10
Pamamagitan: Tamang karapatan ng pagpili para sa iyo? ..	16
Mga Madalas na Katanungan	17
Checklist: Mga Dapat Mong Dalhin sa Iyong Pag-alis	26

PAG-ALIS SA MAPANG-ABUSONG RELASYON:

Impormasyon sa Kustodya at Access Para sa mga Kababaihan na may mga Anak

© 2008 YWCA Metro Vancouver (Kalakhang Vancouver)

Ang buklet na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa batas ng BC lamang. Ito ay hindi inilaan upang mag-alok ng anumang payong legal.

Ang mga impormasyon sa gabay na ito ay tama at naayon mula pa noong Hulyo 2008.

Ang YWCA ng kalakhang Vancouver ay nagpapasalamat at kumikilala sa Department of Justice ng Canada (Kagawaran ng Hustisya ng Canada) sa pagkakaloob ng pambayad sa paglathala nito.

Pag-alis sa mapang-abusong relasyon: Impormasyon sa Kustodya at Access Para sa mga Kababaihan na may mga Anak

Ang pag-alis sa isang relasyon ay laging mahirap. Kung kayo ay nakaranas na ng karahasan o mapang-abusong relasyon, maaari itong maging mas malala pa lalo na kung ikaw ay talagang aalis na dito. Maari kang matakot lalo na kung ikaw ay may anak na nais mong pangangalagaan.

May tulong na nakalaan sa iyo. Pwede kang makakuha ng suporta at impormasyon na kailangan mo mula sa mga Sentro ng Kababaihan (Women's Centre), pansamantalang tuluyan, kapulisan, mga legal na tagapagtaguyod (legal advocates), Legal Services Society at mga abogado.



Ano ang pang-aabuso?

Mga kasama sa pang-aabuso:

- **Pananakit na pisikal** sa iyo (Halimbawa: pagtulak sa iyo, pananabunot o pagsipa)
- **Pananakot** sa iyo, sa iyong mga anak o alagang hayop
- **Pagwasak** o pagsira ng iyong mga pag-aaari
- **Pagkontrol** sa iyong kaperahan
- **Pagpilit** sa iyo upang makipagtalik
- **Pagpigil** sa iyong pakikipagkita sa iyong mga kaibigan o kapamilya
- Paggawa ng anumang bagay na magpipilit sa iyo **na umasa o matakot** sa iyong asawa o kinakasama.

Saan Maaaring Humingi ng Tulong?

Mga centers/sentro para sa kababaihan at mga pansamantalang tuluyan o tahananang pangkaligtasan

Ang mga centers /sentro para sa mga kababaihan ay naghahandog ng tulong at ibat' ibang mapagkukunan ng pangangailangan ng mga kababaihan na nangangailangan ng mga impormasyon at tulong. Ang mga pansamantalang tuluyan ay nagbibigay ng pansamantalang matitirhan na nasa isang ligtas at may matiwasay na kapaligiran at ito ay bukas sa loob ng 24 na oras bawat araw.

Ang ilang mga centers/sentro ay may legal na tagapagtanggol na maaaring makatulong sa iyong mga legal na isyu at tulong pang emosyonal. Gayunman, tandaan na ang mga tagapagtanggol na panglegal ay hindi mga abugado; sila ay mga karaniwang tao na may karanasan sa mg usaping legal na pampamilya at maaaring makatulong sa iyo sa pamamagitan ng mga pamamaraang mag-aalis sa iyo sa isang relasyon.

Upang makahanap ng pansamantalang matutuluyan o mga centers/sentrong pangkababaihan, makipag- alam lamang sa isang tagapagtanggol. Maaaring tawagan ang VictimLink, libreng toll free sa 1-800-563-0808.



Ang Kapulisan

Kung ikaw ay nasa isang tiyak na panganib, tawagan ang 911 o kaya'y ang bilang ng mga pulis na pang-emergency na nakalista sa harap ng phone book.

Sa ilang mga Lungsod, ang Kagawaran ng Kapulisan ay may isang yunit para sa Pangkarahasan sa Pamilya. Kapag tumawag ka sa pulis, hilinging na makipag-usap sa isang tao mula sa yunit na ito na maaaring magbigay ng impormasyon at makapagbibigay ng payo.

Legal na Tulong

Sa British Columbia, ang Legal na Tulong ay ibinibigay sa pamamagitan ng Legal Services Society o (legal na mga pagseserbisyo sa mga Tao) sa pamamagitan ng mga tanggapan sa buong lalawigan.

Kung mayroon kang tawag na long distance upang maabot ang isang legal aid office, tumawag sa Enquiry BC at hilinging na pakitawag sa bilang na gusto mo (hindi mo na kinakailangang pang bayaran ang iyong tawag).

Sa labas ng Victoria at Vancouver:

1-800-663-7867 (Libreng Tawag)

Sa Victoria: 250-387-6121

Sa Vancouver: 604 660 2421

Kung tumawag ka sa Legal Aid, sabihin mo sa taong kausap mo na ang iyong asawang lalaki o kinakasama ay inaabuso ka o maging ang iyong mga anak at kinakailangan mong humingi ng tulong para maging ligtas sa panganib.

Ang Legal Aid ay hindi magbabayad upang ikaw ay makakuha ng diborsiyo, subalit magbabayad sila ng tagapagtanggol upang tulungan kang upang makakuha ng “restraining order” (tingnan ang pahina 7) upang manatiling ligtas, at upang tiyakin na ang iyong mga anak ay hindi na dapat pang makita ang iyong asawa o kinakasama sa isang di ligtas na paraan.

Kung ang legal aid ay nagsasabing hindi sila maaaring makatulong sa iyo, hilingin sa kanila na ipaliwanag kung bakit sa pamamagitan ng sulat, at pagkatapos ay tumawag sa isang tagapagtanggol (tingnan kung saan makakuha ng tulong sa pahina 4).

Tandaan kung ikaw ay nakatanggap ng isang malaking halaga ng pera mula sa iyong asawa (hal. mula sa pinagbilhan ng inyong bahay) ang Legal Aid ay maaaring humingi ng ilang bahagi sa perang ito upang makatulong sa pagbabayad sa iyong abugado.

Tandaan: kung ikaw ay tinangihan para sa Legal Aid, maaari kang mag-aplay kung may pagbabago sa iyong kalagayan (hal. muling pananakit, kawalan ng pera, o ikaw ay higit na mas natatakot).



Ang Mga Abugado

Kung ikaw ay umaalis sa isang mapang-abusong relasyon at mayroon kang mga anak, dapat kang makipag-usap sa isang abugado, kahit minsan man lang. Ang paghahanap ng isang abugado ay maaaring mahirap at kung minsan ay mahal, ngunit mayroon kang mapagpipilian tulad ng:

- Pakikipag-usap sa mga kaibigan o kapamilya at itanong kung may maituturo silang mahusay na abugado.
- Tumawag sa legal na tagapagtanggol o kaya’y pansamantalang tuluyan (tingnan sa pahina 4) at itanong kung may kilala silang abugado na makakatulong sa mga babaeng tumatakas/lumilisan sa mapang-abusong relasyon.

Mga tips para sa pakikitungo sa iyong Abugado

- Isulat ang kuwento ng iyong pakikipagrelasyon at ihanda ito sa inyong unang pagkikita o pagpupulong kasama ng anumang uri ng mga naging pang-aabuso sa iyo gayundin sa iyong mga anak; mga katibayan ng pang-aabuso tulad ng nakakita sa pangyayari o report na medical at pampinansiyal na impormasyon.
- Mag-ingat ng isang notebook ng anumang mga problema sa kustodya at access, mga araw, o kung may nakasaksi. Ihanda ang listahan ng mga katanungan para sa mga susunod na pagkikita ninyo ng tagapagtanggol.
- Manatiling mahinahon habang nakikipag-usap sa iyong abugado at mag-focus sa mga isyu- ang iyong abugado ay hindi taga suporta or taga payo.
- Iwasang tumawag ng madalas sa iyong abugado-bawat tawag ay gastos, at kung ikaw ay nasa tulong ng Legal Aid, ito ay maaring makabawas lamang iyong mga oras para sa Legal Aid.
- Laging mag-ingat ng kopya ng lahat ng mga sulat ng iyong abugado ng iyong asawa o kinakasama at ng kanyang abugado at maging lahat ng naging kopya ng kautusan ng hukuman.

Kung wala kang sapat na pera upang mabayaran ang iyong abugado, tumawag sa Legal Services Society (legal Aid) upang ituro ka sa isang walang bayad na abugado, tumawag sa Family Duty Counsel o kaya’y tumawag ka sa mga “pro bono” (libreng programang pang legal): Access Justice (604-878-7400) o kaya’y ang libreng toll bilang 1-877-762-6664), ang Salvation Army (604-694-6647) o kaya’y ang Family Law Line (604-408-2172 o ang libreng toll na 1-866-577-2525).

Kung may nakuha ka ng abugado, humingi ng isang interpreter kung ikaw ay hirap sa Ingles.

Pagtatanggol ng Iyong Sarili at Mga Anak

Kung ikaw ay natatakot para sa iyong kaligtasan, maaari kang mag-aplay para sa isang **restraining order** o **peace bond** o kaya ay isang **kautusang no-contact** (tingnan sa ibaba).

- Ang isang **restraining order** ay nagpapatigil sa isang tao upang gumawa ng isang bagay na hindi inaasahan. Halimbawa, maaari kang humingi ng restraining order upang pigilan ang iyong asawa o kinakasama sa pag-alis sa lungsod kasama ang iyong mga anak, o kaya'y pigilan siya na makipag-usap sa iyo.

Maaari kang map-aplay sa alinmang Family Court (Hukumang Pampamilya) o Supreme Court (Kataas-taasang Hukuman) para sa restraining order. Maaari kang mag-aplay kahit may abugado ka man o wala ngunit higit na mas mainam na ang kumuha ng isang abugado hanggat maaari. Ang hukom ay makikinig sa tunay na pangyayari ng iyong kalagayan at mag dedesisyon kung kinakailangan ka ngang mabigyan ng restraining order. Itanong mo sa hukom kung maaari kang magkaroon ng “ police enforcement clause” upang ang pulis ay makatugon kung sakaling ang iyong asawa o kinakasama ay lumalabag sa kautusan.

- Ang **peace bond** ay itinuturing na isang kautusang pumipigil para maiwasan ang isang pananakit na maaaring mangyari. Iyan ay, hindi na nangangailangan pa ng mga patunay na ang isang tao ay nakagawa na nga ng isang kasalanan.

Upang makakuha ng isang peace bond dapat kang tumawag ng pulis at sila ay ang mag-aplay para ipag-utos ng isang hukom o ng isang hukumang pangkapayapaan ng probinsiya. Ang peace bond ay magagamit sa buong Canada sa loob ng isang taon, at maaari kang mag-aplay na muli pagkatapos ng nasabing taon.

- Ang tinatawag na “**no contact order**” ay isang pag-uutos na maaaring isagawa ng isang hukom, kung ang iyong asawa o kinakasama ay naaresto at kinasuhan sa salang pananakot o pananakit sa iyo. Ang kautusang ito ay magsasabi na ang iyong asawa o kinakasama ay hindi maaaring makipagkita o pakipag-usap sa iyo at maging sa iyong mga anak rin.

Kung ikaw ay mayroong restraining order, o kaya'y no contact order, pakatiyakin mo na lagi kang may mga kopya nito sa iyong dalang bag at dalang backpacks ng iyong mga anak. Magdala ka rin ng kopya sa paaralan ng iyong mga anak at sabihin sa guro o sinumang taong may pananagutan na itago ito sa ligtas na lugar.

Ano ang magagawang tulong ng mga Hukuman/Korte

Ang tunay na korte ay hindi tulad ng hukuman na maaaring ninyong nakikita sa TV. May iba't ibang mga uri ng mga hukuman na nagsasagawa ng iba't-ibang mga gawain.

Halimbawa sa mga ito, kung nais mo ng diborsyo, dapat kang mag-aplay sa pamamagitan ng kataastaasang hukuman ng BC. Kung ikaw ay nag-aplay ng kustodya ng iyong mga anak, kinakailangang pumunta ka sa Hukumang Pampamilya sa Probinsiya/lalawigan para sa mataas ng hukuman kung ang utos para sa kustodya ay bahagi ng diborsyo.

Ang bawat hukuman ay ituturing ang iyong sitwasyon bilang isang bagong kaso. Iyan ay, kung anuman ang nangyari sa ibang hukuman ito ay hindi kinakailangang ituring na maging pareho din sa ibang hukuman. Halimbawa, kung nakarating ka sa Criminal Court para sa “No contact order”, ang mga impormasyong iyong naibigay ukol sa nasabing kaso ay hindi na maaring gamitin ng hukom ng Hukumang Pampamilya maliban na lamang kung sinabi mo na ito sa kanila.

Criminal Court (Hukuman sa Krimen)

Ang Criminal Court ay dumidinig ng mga kaso kung saan may nangyaring krimen. (hal. Ang iyong asawa o kinakasama ay tinakot o sinaktan ka).

Hindi ka maaaring magdulog ng kaso sa Criminal Court ng mag-isa. Sa halip, ang pulis ay mangangalap ng mga impormasyon at ito'y dadalhin sa Crown Counsel, ang tagapagtanggol sa panig ng gobyerno sa kasong kriminal kung sa kanilang palagay ay may sapat na ibedensya o katibayan upang maipanalò ang kaso.

Mga Tip para sa Hukuman (Court)

- Dalhin ang kaibigan, kapamilya o taong magtataguyod sa iyo sa hukuman.
- Maaari kang husgahan sa iyong kaanyuan. Mas makakabuting magsuot ng nanararapat at hindi maluhong pananamit.
- Magsulat ng nangyayari at magtanong ng kahit anong mayroon ka sa iyong abugado pagkatapos. Magsikap na pag-aralan ang mga salitang panglegal.
- Manatiling maging mahinahon at huwag magpakita ng iyong emosyon. Huwag magpakita ng pagbabago ng iyong mukha o magkumento sa anumang sabihin ng iyong asawa o kinakasama kahit na ito pa nga ay di totoo.
- Kung ikaw ay tatanungin o sumasaksi, sumagot ng maikli lamang at idiretso ang sagot sa hukom.

Laging pakaisipin na ang Crown Counsel ay hindi mo abugado. Sa isang kaso ng krimen, ikaw ang testigo para sa Crown Counsel at hindi mo maaaring sabihin sa kanila ang dapat nilang gawin.

Ang hukom sa Criminal Court ay maaaring magbigay ng “no contact order” upang ang iyong asawa o kinakasama ay hindi maaring makipagkita o makipag-usap sa iyo o maging sa iyong mga anak. Ang hukom ng Criminal Court ay hindi nagbibigay ng kustodiya para sa mga anak.

Provincial Family Court (Panlalawigang Korteng Pampamilya)

Maari kang humingi ng “custody order” para sa iyong mga anak sa Provincial Family Court, subalit hindi ka makakukuha ng diborsiyo doon. Hinid mo kinakailangang magbayad para sa filing o application fees sa Provincial Family Court ni hindi mo rin kinakailangan ang abugado upang tulungan ka kung hindi mo gusto o kaya’y di mo kayang bayaran ito.

Ang pamamaraan ng hukuman sa Family Court ay mas madali at di-sinasadya kumpara sa Supreme Court o Kataastaasang hukuman, para mas mapalagay ang iyong loob kung ikaw mismo ang kumakatawan sa iyong sarili na walang abugado.

Ang mga magulang na nagnanais na humiling ng kustodya at access sa Provincial Family Court ay kinakailangang dumalo sa isang minsanang kurso na tinatawag na “parenting” o ang pagiging magulang pagkatapos ng paghihiwalay. Hindi kayo dito magkakasama sa iisang klase ng iyong abusadong asawa.

Supreme Court (Kataastaasang Hukuman)

Kung nais mong makakuha ng diborsiyo at paghatian ang inyong ari-arian (mga bagay na pag-aari ninyong mag-asawa tulad ng bahay, sasakyan, kaperahan at iba pang pinagpuhunan), kinakailangang pumunta ka sa Supreme Court. Ang Supreme Court din ang maggagawa ng kautusan bilang bahagi ng isang diborsiyo.

Ang Supreme Court ay higit na mahirap at mas higit na maraming panuntunan kaya nga kakailanganin mo ng isang abugado. Kinakailangan mo ring magbayad ng application at filing fees upang makapunta sa Supreme Court subalit maaari kang maghain ng “indigence status” kung walang sapat na pera. Itanong mo ito sa clerk of court kung papaano mag-aplay para sa “indigence Status” kung hindi mo kayang magbayad.

Ano ang Maaring Mangyari sa mga Anak?

Kustodya, Pangunahing Tirahan, Access, at Pangangalaga

Ano ang ibig Sabihin ng mga Salita

- Ang ibig sabihin kadalasan ng pagkakaroon ng **kustodya** ay pag-aalaga at araw araw na pangangalaga sa mga anak.

Ang mga magulang ngayon ay kadalasang binibigyan ng **joint custody** upang pareho silang may pananagutan sa mga anak. Subalit kadalasan ang mga anak ay naninirahan lamang sa isang magulang na may sapat na kakayahan na magbigay **tirahan** at minsan naman duon sa isa pa nilang magulang.

- Ang **access** ay oras na nilalaan ng mga bata sa magulang na hindi binigyan ng kustodya o kaya'y hindi nagmamay-ari ng tirahan. Ang access ay maaring mga pagtawag sa telepono o mga pagtawag sa web cam.

Kung sa iyong paniniwala ang iyong mga anak ay nanganganib sa kanilang ama o sa iyong kinakasama, maari mong hilingin sa mga hukuman ang **access** na may nangangasiwa. Ibig lang sabihin nito ay mayroong tao bukod sa iyong asawa o kinakasama ang naroroon sa oras ng access visit upang makatiyak tayo na ang iyong mga anak ay ligtas sa panganiib. Ang taong ito ay maaring ikaw, isang kaibigan o kamag-anak na pinagtitiwalaan mo, o sino mang nasa isang propesyonal na ahensiyang binabayaran para mangasiwa ng mga access na pagdalaw. Ang isang access na pagdalaw ay karaniwang nasa maikling panahon lamang.

Kung magiging maayos ang isang pinangasiwaang pagdalaw sa loob ng isang itinakdang panahon, ang iyong asawa o iyong kinakasama ay maari nang payagan sa mga pagdalaw na walang nangangasiwa.

- Ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng isang pangangalaga ay ikaw ang gumagawa ng mga malaking desisyon na makakaapekto sa iyong mga anak, katulad na lamang ng kung saang paaralan sila pupunta, sa anong relihiyon sila dapat lumaki, at anong pagpapagamot ang kakailanganin nila. Maraming mga magulang ang may **pinagsamang pangangalaga**.



Paano Maaring Makakuha ng Kustodya, Pangunahing Tirahan, at Pagpapalalaga?

Kung sino man ang makakakuha sa pag-iingat, sa pangunahing tirahan, sa access at pangangalaga ay pinagpapasiyahan sa maraming kadahilanan.

Hindi mo agad makukuha ang kustodya o pag-iingat kapag iniwan mo ang isang relasyon dahil lang sa ikaw ang ina. Bukod sa ama, may iba pang mga tao rin na maaaring magkaroon ng karapatan sa kustodya at access, tulad ng pangalawang magulang at mga lolo't lola kung sila ay nakatulong sa pagpapalaki ng mga bata sa pamamaraang pang-pinansiyal o kaya ay emosyonal.

Gayun din ang pamahalaan, sa pamamagitan ng Ministry of Children and Family Development (Ministri ng mga Bata at Pagpapaunlad ng Pamilya), ay may karapatan din upang tiyakin na ang isang anak o bata ay may maayos na pangangalaga. Maaari nilang alisin ang mga anak o bata sa kanilang mga bahay kung saan may karahasan, kahit na nga ba hindi sila ang sinasaktan.

- Kung hindi ka kasal sa ama ng iyong mga anak, **at** hindi kayo nagsama, **at** ang inyong mga anak ay lagi mong kasa-kasama, kung ganoon, ikaw ay awtomatikong itinuturing na tanging tagapagalaga (maliban na lamang kung may kautusan ang hukuman na nagsasabing may ibang pang tao na mayroon ding gayong karapatan).
- Bagaman ang bawat kaso ay naiiba, ang magulang na naglaan ng mas maraming panahon para sa mga anak bago nasira ang relasyon ang **kadalasang** nagkakaroon ng karapatan para sa pangunahing tirahan ng mga anak, habang ang isa sa mga magulang ay bibigyan ng pagkakataon naman na makita ang kanilang mga anak na naayon

sa kung gaano kadalas na maiisip ng hukom para sa kapakanan ng mga anak nila. Kung ang isang anak ay napakabata pa (mababa sa limang taon), kadalasan maraming maikling access na pagdalaw ang pinapayagan. Ang mga nakatatandang anak naman ay may kahabaan ang mga pagdalaw (hal. mga magdamagan, mga Sabado at Lingguhan, at bahagi ng mga bakasyon sa paaralan).

- May mga magulang na parehong nakapagpapasya kung papaano nila hahatiin ang kustodya o pag-iingat ng kanilang mga anak kung sila ay maghihiwalay. Kung hindi nila ito kayang gawin, ang hukom ang magpapasya sa korte.
- Kung sang-ayon ka sa pinagsamang hatian sa pangangalaga, itanong mo sa iyong tagapagtanggol kung ano ang ibig sabihin nito ayon sa iyong kaso. Hilangin mo na isulat ito sa court order dahil ang pinagsamang pangangalaga ay maaaring may iba-ibang pakahulugan sa iba't ibang hukom.
- Halimbawa na lamang, sa “*Joyce Model*” ng pinagsamang pangangalaga, ang magulang na may pangunahing tirahan ang siyang huling pinagpapasiya kapag ang parehong magulang ay hindi magkasundo sa mga isyu. Ngunit wala naming masabi sa “*Justice Horn Model*” tungkol sa kung ano ang gagawin kung hindi magkasundo ang parehong magulang, kaya ang malaking pagpapasiya ay ibabalik lamang muli sa hukuman.
- Sa “*Friendly Parent Rule*” ay naglalayon naman na kung sakaling mag-isip ang hukom na ang dalawang magulang ay maaring parehong mag-alaga ng kanilang mga anak, kung sino man sa dalawang magulang ang mas makapagpaparaya sa isa sa kanila sa pagbibigay ng panahon sa kanilang mga anak ang siyang pagkakalooban sa pangunahing tirahan.
- Kung hindi mo mapapatunayan na ang iyong asawa o kinakasama ay sasaktan o sinaktan ang inyong mga anak, at hindi mo gustong makita pa niya ang inyong mga anak, o pagdalaw na may nangangasiwa na walang batayan, ikaw ay ituturing na “unfriendly” o hindi mabuting tao.
- Ang pagiging ina ng inyong mga anak ay hindi nagbibigay sa iyo ng espesyal na karapatan na may kinalaman sa kustodya. Ang mga lalake at mga babae ay parehong patas sa tingin ng hukuman. Ang hukom ay ay makikinig sa mga ebidensiya at gagawa ng isang pagpapasiya ayon sa kung ano ang pinakamabuti para sa bata. **Ang hukon ay hindi naroon upang magpasiya para sa kabutihan ng magulang-kundi para sa kung ano ang mas mabuti sa bata.** Kailangan mong sabihin ng malinaw kung ano sa palagay mo ang pinakamabuti sa inyong mga anak at bakit.

Ano ang ibig sabihin ng para sa pinakamabuting kapakanan ng isang anak?

Sa BC, ang hukom ay dapat na mag-isip ng paraan kung ano ang mabuti sa mga bata o mga anak sa pinagsamang pisikal at emosyonal na bagay kasama ng iba pang mga espesyal na pangangailangan na magkakaroon sila.

Ang hukom ay magsasaalang-alang sa maraming mga bagay:

- Pagmamahal at kaugnayan ng anak sa mga taong naging bahagi ng kanilang buhay (hal. mga lolo at lola, mga guro at mga kaibigan).
- Pinag-aralan at kasanayan (hal. Ang pagkakataon para sa isang palagiang pagpasok sa paaralan at extrang paglahok sa mga iba pang mga gawain).
- Ang kakayahan ng mga magulang na gawing mahusay ang kanilang pag-aalaga sa kanilang mga anak.
- Sa kaso ng mga nakatatandang kapatid (labindalawang taon pataas) kung ano mismo ang gusto ng mga anak.

Hindi iintindihin/papansinin ng mga hukom ang masamang kilos ng isang magulang hanggat hindi ito malubhang makakaapekto sa mga anak (hal. Kung ang ama ay isang lasenggo, hanggat hindi siya umiinom o naglalasing na kasama ang mga anak, hindi siya pipigilan ng hukom sa kanyang mga pagdalaw sa kanila).

Tandaan na ang hukom ay hindi magbibigay ng oras nang higit sa hinihingi ng sinuman sa mag-asawa para sa isang anak.



Kung ikaw ay nasa isang mapang-abusong relasyon, at umaasang makakasama ng matagal ang mga anak pagkatapos ng hiwalayan, may mga hakbang na maari mong gawin upang mapalaki mo ang iyong pagkakataong mailagay sa iyong panig ang ano mang magiging pagpapasiya.

- **Isama mo ang iyong mga anak sa iyong pag-alis.** Magiging mahirap na ang muli mong pagkuha sa iyong mga anak kung ang mga ito ay naiwan mo na sa iyong asawa o kinakasama.
- **Mag-iwan ka ng sulat sa iyong asawa o kinakasama** (May kopya ka rin nito kung maari). Sa sulat ay dapat sabihin mo na ikaw ay aalis na at ilagay mo ang bilang ng telepono kung saan ka pwedeng tawagan o iwanan ng mensahe (hal. tulad ng numero ng telepono ng iyong magulang o mga kaibigan o numero sa isang cell phone).

Sa sulat, banggitin mo na gusto mong makaharap ang isang Tagapayo ng Katarungang Pampamilya (Family Justice Counsellor) para mapag-usapan ang tungkol sa isang kasunduan sa kustodya at access.

Ang pag-iwan mo ng ganoong sulat ay makakapigil sa iyong asawa o kinakasama na magpunta sa hukuman para humingi ng ex parte custody order (tignan ang kabilang pahina) dahil sa “pagkawala” mo at ng inyong mga anak. Kung siya ay makakakuha ng ganitong kautusan, maaring mawala sa iyo ang mga anak mo hanggang sa muling makabalik ka sa hukuman.

(Tandaan: Ang isang Family Justice Counsellor o Tagapayo sa Katarungang Pampamilya) ay walang bayad na tagapamagitan na nagbibigay ng mga impormasyon, pamamagitan, at maikling panahong pagpapayo sa mga tao na nag-iisip, o nasa gitna ng paghihiwalay o diborsyo. Para sa paghahanap ng isang Family Justice Counsellor, mangyaring tawagan lamang ang Enquiry BC toll free sa numerong 1 800 663 7867 o 604 660 2421 (sa Lower Mainland).

Para sa mga kababaihan sa Metro Vancouver. Mayroong mga walang bayad na voicemail boxes na nakahanda sa pamamagitan ng ibat-ibang mga ahensiya, tignan ang “Service Provider Partners” sa <http://LNHS.ca/community-voice-mail/>

- **Kumuha ng isang abugado sa lalong madaling panahon.** Tumawag ng isang Tagapagtanggol na panlegal. Pansamantalang bahay kalinga o tirahan para sa kababaihan (tignan ang “Saan Maaring Humingi ng Tulong” sa pahina 4), at humingi ng listahan ng mga mairerekumendang mga abugado. Kung maliit ang iyong kita/kinikita, maari kang makahingi ng Tulong na Legal (Legal Aid). Makipag-alam sa Legal Services Society para sa mga impormasyon tungkol sa Legal na Tulong (tignan ang kahon sa impormasyon tungkol sa Legal na Tulong sa pahina 5).
- **Magtungo sa hukuman para maisaayos ang kustodya at mga usapin sa access sa lalong madaling panahon.** Kung wala kang kautusan ang asawa mo at kinakasama ay maaring kunin ang iyong mga anak (hal. mula sa paaralan) at maaring hindi mo sila basta makuha ng hindi ka magpupunta sa hukuman.

Ex Parte Order

Ang ex parte order ay isang biglaang pansamantalang kustodya o pagpigil na kautusan na ipinagkakaloob ng hukuman kahit walang paunang pasabi sa iyong asawa o kinakasama. Pareho kayong mag-asawa o kaya ng iyong asawa o kinakasama ang maaring mag-aplay para sa gayong kautusan.

Ang mga kautusang ito ay talagang maselan at mahirap makuha, at dapat ka pang makipag-usap sa isang nakatalagang Tagapayong Pampamilya para magpatulong. Ang mga nakatalagang Tagapayong Pampamilya ay mga abugado na kumikilos sa maraming hukuman sa lalawigan at siyang tumutulong sa mga taong may mga problema sa batas na pampamilya. Para sa mga impormasyon sa kinaroroonan at oras ng mga tanggapan ng nakatalagang tagapayong pampamilya, tumawag lamang sa Legal Services Society of BC toll free sa numerong 1 866 577 2525.

Para makakuha ng kautusan sa Ex Parte kailangan mong magpaliwanag sa hukom kung bakit ito ay isang biglaang sitwasyon at bakit wala ng sapat na panahon na pasabihan pa ang isa pang magulang tungkol sa kautusan. Kung ang hukom ay tumanggap magbigay ng kautusan, maari kang humingi ng “sandaliang pagkawala” na ang ibig sabihin lamang nito ay hindi mo na kailangan pang maghintay sa buong panahong itinakda matapos na ipaalam mo sa iyong asawa o kinakasama na kinakailangan mong idulog ang usaping ito sa hukuman. Halimba, maari mong hilingin sa hukom ang isang sandaliang pagkawala ng dalawang araw para mabigyan ka ng oras na masabihan ang iyong asawa o kinakasama na ikaw ay nag-aaplay sa isang kautusan (hal. marahil sa pamamagitan ng e-mail).

Ang ex parte order ay nananatiling epektibo hanggang ito ay mawalang bisa o hanggang ang hukuman ay gumawa ng panibagong kautusan.

Mediation (Pamamagitan): Ito ba ang tamang Opsiyon Para sa Iyo?

Ang pagtungo sa hukuman ay hindi lamang ang nag-iisang paraan ng pagkuha ng kautusan sa hukom. Sa halip, ang iyong asawa o kinakasama, o kung minsan ang hukom, ay maaaring magmungkahi ng pamamagitan bilang isang paraan sa ikalulutas ng iyong kalagayan. Pero bago ka sumang-ayon sa pamamagitan, dapat mong tiyakin na ito nga ang pinakamainam na opsiyon na dapat mong piliin.

Para sa mag-asawang naghihiwalay at hindi nagkaroon ng mapang-abusong relasyon, ang pamamagitan ay maaring magbigay ng hindi magastos na paraan upang harapin ang mga usapin na hindi na kailangang magpunta pa sa hukuman.

Subalit sa isang mapang-abusong relasyon, ang pamamagitan/mediasyon ay maaring magbigay ng isa pang pagkakataon sa iyong asawa o kinakasama na ipagpatuloy pa ang ganuong pang-aabuso. Walang katiyakan na ang iyong asawa o kinakasama na magsimulang pakisamahan ka pang muli ng maayos dahil sa pamamagitan o mediation; kung noong nagsasama pa kayo hindi ka nga niya pinakisamahan nang maayos.

Maraming kababaihan ang nag-aakala na kung sila ay dumaan sa pamamagitan o mediation sila ay magkakaroon na ng katahimikan sa kanilang asawa o kinakasama. Ngunit ito ay isa na namang paraan ng iyong asawa o kinakasama na ikaw ay muling masaktan. Halimbawa, maari niyang gamitin ang pamamagitan o mediation upang ikaw ay kanyang takutin o pilitin kang ibigay ang gusto niya. Maari niyang sabihin sa iyo na kung hindi ka papayag sa pamamagitan o mediation, siya ay pupunta sa hukuman kung saan tiyak na mahihirapan ka pa ng husto.



Kung ikaw ay nasa pamamagitan o mediation at hindi ka maginhawa tungkol sa pagpayag sa mga bagay-bagay, kumuha ka ng kopya ng ipinanunukalang kasunduan sa isang abugado at kunin mo ang kanyang opinyon o palagay ukol dito.

Tandaan: kahit na nga bang ikaw ay sumang-ayon pa sa isang kasunduan sa pamamagitan o mediation, ang iyong asawa o kinakasama ay maari pa ring magpunta sa hukuman para subukang ito ay mapalitan.

Mga Madalas na Katanungan

Dapat ko bang payagan na ang mga anak ko na makita muna ang kanilang ama o aking kinakasama bago ako kumuha ng isang kautusan?

Makabubuting kumuha ka muna ng kautusan kung sakaling may panganib na saktan ang iyong mga anak ng iyong asawa o kinakasama, o tumanggap ibalik muli ang inyong anak pagkatapos ng pagdalaw. Kung pinapunta mo ang iyong mga anak para makita ang kanilang ama o ng iyong kinakasama ng walang kautusan, at hindi niya ibinalik sila sa iyo, maaring hindi ka matulungan ng mga pulis. Maghihintay ka pang pumunta sa hukuman para maibalik silang muli sa iyo. Kung ikaw ay natatakot para sa kaligtasan ng iyong mga anak, bigyan mo na lamang ang iyong asawa o kinakasama ng access sa telepono, web cam o e-mail.

Kung ikaw ay nagpasya na dalawin ng mga anak mo ang iyong asawa o kinakasama, sabihan mo siyang pumirma sa isang papel na nagsasaad ng ganito:

- Siya ay nakikipagkita sa bata para sa isang access na pagdalaw
- Ang petsa at talagang oras ng simula at katapusan ng pagdalaw
- At kung ang bata ay hindi maibalik sa itinakdang oras, maari mong dalhin ang papel sa hukuman upang magdemanda sa hukuman bilang bahagi ng “isang kautusan ng may pahintulot sa iyong kustodya, o para sa aplikasyon mo sa ex parte na pansamantala ng walang masamang palagay na kautusan at pagbabalik ng mga bata”. (Kopyahing mabuti ang mga salitang ito).

Dalhin ang papel na ito sa isang notaryo publiko at ipanotaryo ito kung kailangan. (Tignan sa Yellow Pages ng aklat ng telepono sa ilalim ng “notary public” para makakita ng isang notaryo. Ang kanilang serbisyo ay hindi mahal.) Dalhin ang papel at ang ID mo sa notaryo at papuntahin ang asawa mo o kinakasama dito upang pumirma. (Magdala ng isang kaibigan kung may kaba sa iyong kaligtasan). Sa ganitong mga hakbang, mapag-iisip mo ang iyong asawa o kinakasama sa pagbabalik sa inyong mga anak dahil batid niya na malalaman ng hukom ang ganitong kasunduan.

Babala: Ang ganitong kasunduan ay hindi gumagarantiya na ibabalik ng iyong asawa o kinakasama ang iyong mga anak pagkatapos ng pagdalaw. Kung ang mga bata ay hindi maibalik, agad na magtungo at dalhin ang pinirmahang kasunduan o nakatalagang tagapayong pampamilya sa iyong abugado sa hukuman para sa karampatang tulong.

Ang aking bang mga anak ay maaring makapagpasiya kung sinong magulang ang gusto nilang samahan?

Kadalasan ang mga hukuman ay hindi pumapayag sa mga anak na magsabi kung saan nila gustong tumira hanggang sila ay dumating na sa gulang na labindalawang taon. Ayaw ng hukuman na ilagay ang mga anak sa gitna ng alitan ng mga magulang, at nauunawaan nila na ang mga bata pang mga anak ay hindi pa makagagawa ng pinakamainam na pagpapasiya. Gayun pa man, kung anuman ang sabihin ng mga anak na gusto nila ay maaring isama sa isang report kung ang isang family justice counsellor o kaya ay isang psychologist ay hingan ng kanilang opinyon kung ano ang pinakamabuti para sa bata.

Hindi kaya maisip ng hukom, na dahil sa ako ay sinaktan ng aking asawa o kinakasama, siya rin ay isang panganib sa aming mga anak?

Hindi kinakailangan ng mga hukom sa BC na ituring ang karahasan sa iyo ng iyong asawa o kinakasama sa kanilang pagpapasiya sa kustodiya at access ng anak. Ang ibang mga hukom pa nga ay hindi mag-iisip na ang pang-aabuso ay malubhang nakaapekto sa iyong anak, o maari pa nilang isipin na dahil sa hindi na nga kayo nagsasama ng iyong asawa o kinakasama, hindi ito problema. Dapat ay lagi mong sabihin sa hukom ang tungkol sa kahit anong karahasan, pero walang katiyakan na ang gagawin mong iyon ay makapagbabago sa kung ano man ang maging pasiya ng niya.

Papayagan ba ng hukom ang aking asawa na magkaroon ng access kung nasaktan na niya ang aking mga anak?

Kung minsan pinapayagan ng isang hukom ang ilang uri ng access maliban na lang kung mayroon kang kapanipaniwalang katibayan na ang mga bata ay masasaktan (hal. Ang iyong asawa o kinakasama ay dati nang nahatulan ng pananakit sa mga anak, o kailan lang nakasuhan ng mga pulis ang mga bata). Kung minsan kapag may napagsabihan na ang mga bata (hal. Sa Guro o doktor) na sila ay sinaktan ng iyong asawa o kinakasama, ang ibidensiya ng taong iyon ay maaring gamitin para patunayan ang pang-aabuso. Itanong sa iyong abugado kung anong “patunay” ang kailangan sa iyong kalagayan.

Kahit ano pa mang dami ng mga patunay o pruwera, maari pa ring payagan ng hukom ang iyong asawa o kinakasama na magkaroon ng access. Maaring sabihin pa rin ng hukom na ang access ay kailangang may nagbabantay at/o kaya ang iyong asawa o kinakasama ay kailangang sumailalaim sa pagpapayo.

Palitan ng Access: Pananatiling Ligtas

Ang ibang mga kalalakihan ay gumagamit ng palitan ng access (pagsundo at paghahatid) upang maipagpatuloy ang pang-aabuso sa ibang paraan.

Halimbawa, ang iyong asawa o kinakasama ay maaring:

- Magsinungaling tungkol sa anong oras kang sumipot sa palitan.
- Maaring subukan kang kausapin para sa inyong pagbabalikan, tungkol sa pang-aabuso, o tungkol sa iba pang mga bagay na ayaw mo nang mapag-usapan pa.
- “Sagarin ang iyong pagtitimpi” upang ikaw ay mainis, malungkot, o magalit.
- Sundan ka pa sa iyong pag-uwi pagkatapos ng palitan.

Kung ang iyong asawa o kinakasama ay gawin ang mga bagay na ito, maari mong pag-isipan na dalhin ang palitan sa isang pampublikong lugar kung saan maraming mga makakasaksi. Halimbawa, maari kayong magtagpo sa isang mall na may escalator; ikaw ay nasa itaas at ang iyong asawa o kinakasama ay nasa bandang ibaba; at maari mong pababain ang iyong mga anak sa kanya upang magkita sila. Maari mong piliing makipagkita sa isang abalang coffee shop. Maari mo ring dalhin ang isang kaibigan o isang kapamilya bilang saksi mo.

Saan man maganap ang pagpapalitan, iwasan mo ang pakikipag-usap sa iyong asawa o kinakasama. Sapat na ang isang simpleng pagsabi ng “kamusta” at tiyakin ang oras ng pagsundo. Gumamit ng email o notebook (Talaan) para ibigay pa ang iba pang mga kinakailangang impormasyon na maaring lumitaw, isulat kaagad ang nangyari.

Kung ikaw ay nag-aalala na may sumusunod sa iyo sa pag-uwi, magpunta ka muna sa ibang lugar upang tignan kung sinusundan ka nga niya. Alamin mo ang pinakamalapit na himpilan ng pulis, at kung ang iyong asawa o kinakasama ay sinusundan ka, pumunta ka doon at humingi ng tulong. Kung mayroon kang utos ng pagpapatigil at sinusundan ka, tawagan mo ang 9-1-1.

Kung ang iyong asawa o kinakasama ay hindi sumipot sa pagdalaw, dapat may katibayan ka na ikaw ay naroon sa napagkasunduang oras. Halimbawa, maari kang bumili ng murang bilihin, tulad ng isang tasang kape, at itago mo ang resibo.

Sa isang mapanganib o malubhang alitan, ang isang hukom ay maaring gumawa ng kautusan para sa may nagbabantay na palitan ng access. Ang ibig sabihin nito ay may mamamagitan ng tao sa pagkuha ng mga anak ng isang magulang mula sa isa pang magulang para pagdalaw na access. Ang taong ito ay maaring kaibigan, isang kapamilya, o isang bayarang propesyonal.

Para sa pangalan ng mga propesyonal na naglilingkod sa pagpapalitan ng access na may nagbabantay, hingin sa iyong abugado, ang isang sentro ng pangkababaihan (Women’s Centre) o kaya ay isang pansamantalang tuluyan (transition house).

Paano kung sabihin sa akin ng mga anak ko na sila ay sinaktan o inabuso?

Kung sinabihan ka ng iyong mga anak na sila ay inabuso, kung paano ka nag-react, ay napakahalaga sa damdamin ng iyong anak, at ito ay mahalaga rin sa iyo upang ang iyong mga anak ay sikapin mong ligtas sa darating pang panahon.

Hindi dapat:

- Ipagwalang bahala (hal. Huwag sabihin sa iyong mga anak na nag-iisip lamang sila ng pang-aabuso o nagkukunyaring hindi ito naganap).
- Masyadong pansinin (hal. Hindi pagpapakita kung gaano ka na kagalit)
- Sila ay punahin o sisihin
- Humingi ng mga detalye o hingin ang mga pangunahing tanong na maaring lumikha ng mga problema sa isang panayam ng pulis o pambatang pagkalinga, lalo na para sa mga mas nakababatang mga anak (hal. “Hinipuan ka ba ng tatay mo sa maselang bahagi ng iyong katawan?” “Naganap ba ito sa bahay ng tatay mo?” “Maraming beses na ba itong nangyari?”).

Dapat:

- Tulungan sila sa kanilang pagpapasya na sabihin sa iyo ang tungkol sa pang-aabuso, at muling magbigay-tiwala sa kanila na mabuti ngang nagsabi sila sa iyo.
- Muling magbigay-tiwala sa kanila na hindi nila kasalanan ang pang-aabuso at tutulungan mo sila.
- Tawagan mo ang Ministry of Children and Family Development kahit saan sa BC sa 310 1234 (hindi na kailangan ng area code) o tumawag sa inyong lokal na pulis.
- Sabihin mo sa iyong mga anak na kailangan mong sabihin sa iba tungkol sa pang-aabuso dahil sa gusto mo silang malayo sa panganib.
- Sabihin mong tama lang na sabihin nila ang katotohanan sa mangagawang panlipunan (social worker) o sa pulis (ang mga anak ay maaring tumawag sa Kids Help Phone toll free sa 1 800 668 6868 para sa karagdagang tulong).
- Kung may kapansin-pansing mga sugat o pinsala, tulad ng mga pasa, dalhin sila sa doktor (kung maari doon sa pinagkakatiwalaan ninyo, pero maari na ang kanit na anong klinika). Sabihan mo sila na hindi mo alam kung nanggaling ang mga pasa sa pang-aabuso o sa isang aksidente. Sabihin mo sa kanila na itala ang mga pinsala sa medical record ng bata (ang medical record ay maaring gamiting ebidensya sa hukuman).
- Kausapin mo ang abugado tungkol sa iyong pagmamalasakit, at sasabihin nila sa iyo kung may sapat na ebidensya para sa paghingi ng access na may taga bantay.

Maari ko bang ipatigil ang mga access na pagdalaw?

Huwag mong itigil ang mga pagdalaw sa mga anak mo ng walang pagsangguni ng legal ukol sa iyong kalagayan, dahil kung magkakagayon, ang iyong asawa o kinakasama ay maaring bumalik sa hukuman upang pilitin ka na payagan ang mga anak na dumalaw sa kanya. At maari ka pang mawalan ng kustodya o pangunahing tirahan sa pagpapatigil ng access na pagdalaw ng walang pahintulot.

Ang aking asawa ay lasing na dumarating sa pagsundo ng aming mga anak. Ano ang dapat kong gawin?

Kung mayroong malaking pagbabago sa iyong kalagayan, tulad ng dumating ang iyong asawa o kinakasama para sa pagsundo ng inyong mga anak na talagang lasing na, huwag mo nang ipadala ang iyong mga anak para sa pagdalaw. Sa halip, magbigay ng iba pang access na pagpipilian, tulad ng isang tawag sa telepono ng gabing iyon, at agad na tawagan ang iyong abugado (o kaya'y makipagkita sa isang Family Duty Counsel) at sabihin mo sa kanya na kailangan mong bumalik sa hukuman para sa “interim order to suspend access” pansamantalang kautusan sa pagsuspende ng access (ito ay paghiling sa hukom na ipatigil ang pagdalaw sa ngayon).

Ayaw ng mga anak ko na dumalaw. Dapat ba silang pumunta?

Ang mga anak na nasa gulang na labindalawang taon ay kadalasang walang karapatan sa mga pagsasaayos ng mga bagay na may kaugnayan sa access. Kung sabihin sa

iyong anak mo na hindi nila gustong dalawin ang iyong asawa o kinakasama, subukan mong ayusin ang pakikipag-usap ng mga anak mo sa isang tagapagpayo (hal. Tagapagpayo ng paaralan) na maaring maging isang taong mapagkakatiwalaan na makakausap ng mga anak mo at maaring magtanong kung bakit ayaw nilang pumunta. Kakailanganin mo ang mga impormasyong ito bilang ebidensya sa hukuman, dahil sa hindi sapat ang salita lamang ng isang magulang sa isang hukom.

Nasaksihan ng mga anak ko ang pang-aabuso sa akin ng aking asawa. Ano ang aking magagawa para makatulong sa kanila?

Ang pagkakasaksi ng mga anak sa pananakit ay nagkakaroon ng epektong emosyonal sa kanila. Kung nasaksihan ng mga anak mo na inaabuso ka, maaari kang humingi ng libreng tulong para sa kanila sa pamamagitan ng lokal na “Children Who Witness Abuse Program” o Programa Para Mga Batang Nakasaksi. Tumawag sa BC Society of Transition House sa 604-669-6943 o kaya'y libreng toll na 1-800-661-1040, o kaya'y bisitahin ang website na www.bcsth.ca para sa impormasyon nauukol sa nasabing programa na pinakamalapit sa inyo.

Ang aking asawa o kinakasama ay ayaw magbayad/ magbigay ng kanyang pagsuporta sa aming anak. Maaari ko bang itigil ang access?

Hindi mo maaaring itigil ang mga access na pagdalaw kung walang kautusan mula sa hukuman. Ang isang ama ay hindi maaring itigil ang pagsuporta sa anak dahil sa hindi siya papayagan ng ina ang pagdalaw niya, at ang isang ina ay hindi mapipigian ang access dahil sa hindi pagbibigay ng ama ng suporta sa anak. Ang pagsuporta sa anak at access ay magkahiway na isyu o usapin. Ang anak ay mayroong karapatang makita ang parehong magulang at karapatang mabigyan ng suportang pampinansiyal.

Kung ikaw ay may problemang makakuha ng bayad para sa pagsuporta ng iyong anak, makipag-usap sa isang legal na tagapagtaguyod o ng iyong abugado tungkol sa pagpaparehistro sa Family Maintenance Enforcement Program.

Ang isang hukom ay nagtanong tungkol sa ulat sa Section 15. Ano kaya ang ibig sabihin nito?

Ang isang ulat sa Section 15 ay hinihingi ng isang hukom kapag siya ay nangangailangan ng mas maraming impormasyon upang makagawa ng pagpapasya ukol sa kung anong kustodya at mga pagsasaayos ng access na mas makakabuti sa anak. Ikaw at ang iyong asawa o kinakasama ay maari ring humiling sa hukom upang ito ay mag-utos ng isang ulat sa Section 15.

Mga Tips Para sa Iyong Panayam sa Ulat ng Section 15

- Ang mga taong gumagawa ng mga pagtataya (assessment) ay hindi mo mga kaibigan. Ang paggawa ng pagtataya (assessment) at ng mga rekomendasyon ay kanilang tungkulin sa korte.
- Magbihis ng konserbatibong damit para sa iyong pakikipagpulong sa taong gagawa ng pagtataya (assessment) sa iyo.
- Subukang makipag-usap ng malinaw.
- Maging mahinahon, buo ang loob at makatwiran. Huwag magpakita na sobra kang emosyonal.
- Huwag magbigay ng mga negatibong pagpuna ukol sa iyong asawa o kinakasama.
- Magbigay ng iyong mga pagmamalasakit, ngunit ituoon ang iyong isipan sa mga anak.
- Patibayin mo ang iyong mga kahilingan hinggil sa mga problema sa pang-aabuso sa pamamagitan ng ebidensya, tulad ng mga saksi.

Ang mga Family justice counsellor ay makagagawa ng ganitong ulat ng walang bayad, o ang ibang mga psychologist ay makapaghahanda ng ulat na may bayad. Sa ibang mga kaso, ang Legal Aid ay makakatulong.

Upang ihanda ang ulat, ang family justice counsellor o psychologist ay makipagkikita sa iyo, sa iyong asawa o kinakasama, at sa mga anak ninyo ng hiwalay, at pagkatapos ay mga anak at isa isa sa magulang. Minsan ang taong gumagawang ulat ay dadalaw sa bahay ng bawat-isang magulang upang tignan ng masusi ang tahanan. Ang mga psychologist ay maaring ipakumpleto sa iyo ang ilang mga pagsusulit upang magbigay ng pagtataya sa iyo. Maari rin silang makipag-usap sa mga kaibigan, mga iba pang kamag-anak, mga guro at mga nagtrabaho sa daycare tungkol sa inyong pamilya.

Mahigpit o masinsinang pinag-aaralan ng hukom ang ulat na ito. Ikaw at ang iyong asawa o kinakasama ay nakikita lamang ng maikling panahon ng taong gumagawa ng ulat na ito, na kung saan kalimitan ang mga tao rito ay nagpapakita kunyari ng kanilang mabuting mga pag-uugali. Dahil dito, ang family justice counsellor o psychologist ay maaring hindi mabatid sa pamamagitan ng panayam lamang na ang iyong asawa o kinakasama ay mapang-abuso. Dahilan nito, mahalagang makipa-usap sa isang abugado tungkol sa kung ang ulat sa Section 15 ay isang magandang ideya sa iyong kalagayan, at humingi ng opinion sa kung sino ang mas magandang gumawa ng ulat.

Ang aking asawa o kinakasama ay nagsasabi na siya raw ang biktima ng “parental alienation syndrome”. Ano ang ibig sabihin nito? Ano ang dapat kong gawin tungkol dito?

Kung ang iyong asawa o kinakasama ay nagsasabing siya ay biktima ng isang paglalayo sa magulang, ang ibig lamang sabihin nito ay naniniwala siyang ikaw ang dapat na sisihin sa paglalayo ng mga anak o gawing hindi siya magustuhan ng mga anak.

Ito ay totoong talaga, na kung minsan sa ibang kaso ang isang magulang ang gumagawa ng dahilan upang ang mga anak ay mag-akala na ang isa sa kanyang magulang ay isang “masamang tao”. Subalit, maraming beses na ang mga anak ay ayaw nang makita pa ang isang mapang-abusong magulang dahil sa sila ay natatakot sa kanya.

Upang makatiyak na hindi ka maaakusahan ng paglalayo ng iyong mga anak sa iyong asawa o kinakasama, maging maingat na hindi ka makapagsabi ng masama ukol sa kanya sa harap ng sa iyong mga anak, kahit na ang iyong mga anak na ang nagsasabi ng malakas na sila ay hindi nila gusto. Kung, halimbawa, ang iyong anak ay magsabi na “Takot ako sa tatay ko”, maari kang tumugon sa pagsasabing, “natutuwa ako at nasasabi mo ang damdamin mo”. Subukin mong “magpakahulugan sa ibang

salita”, na ibig sabihin ay pag-uulit lamang ng iyong nadinig. Halimbawa, maari mong sabihin, “Sa wari ko takot ka sa tatay mo”.

Maari mo ring itanong sa iyong anak kung gusto niyang makipag-usap sa ibang tao tungkol sa ganuong pakiramdam (hal. Sa isang tagapagpayo mula sa Programa ng mga Anak na Nakasaksi ng Pang-aabuso).

Kung ikaw ay mapatunayang nagpapalayo ng iyong mga anak sa iyong asawa o kinakasama (na maaring iulat sa isang ulat/ report sa Section 15) Kung sabihin ng anak mo, halimbawa, “Sabi ni nanay si tatay daw ay masama at nakakatakot”), maaring ang hukom ay hindi pumanig sa iyong pabor.



Tandaan:

Hindi ka dapat
sisihin sa
pang-aabuso.

Kung ang mga bagay-bagay ay nagsisimulang nang maging mahirap sa iyo, humingi ka lang ng tulong. Ang iyong pamilya at mga kaibigan ay maaring matabunan ng mga isyu, pero ang mga tulong na pang emosyonal ay nakahanda sa mga sentrong pangkababaihan, at minsan sa mga pansamantalang bahay kalinga.

Manatili kang
nagtitiwala sa iyong
sarili!

Para sa iba pang mga impormasyon at mga paglalathala sa Batas na Pampamilya pumunta lamang sa **familylaw.Iss.bc.ca** – mayroon din silang impormasyon at mga pamphlet sa ibat-ibang mga wika sa mga magkakaibang paksa ng batas pampamilya, tulad ng pagtataguyod at pandarayuhan, karahasan sa tahanan at usaping pang Unang lahing Katutubo o First Nations.

Upang makipag-ugnay para sa mga kaparaanan/resorses sa iyong orihinal na wika maari kang makipa-ugnayan sa Mosaic BC (www.mosaicbc.com) o Vancouver Lower Mainland Family Services Society (vlmfss.ca/Resources.html).

Checklist:

Mga dapat mong dalhin sa iyong pag-alis

- Birth certificate (Sertipiko ng Kapanganakan (sa iyo at sa iyong mga anak)
- Social Insurance cards
- Driver's licence (lisensiya sa pagmamaneho) o photo identification (mga larawan ng pagkakakilanlan)
- Passports (Pasaporte)
- Permanent residentce card/ immigration permits/visas
- Kahit anong dokumento mula sa ibang bansa na may kinalaman sa iyo at sa iyong mga anak
- Marriage certificate (Sertipiko ng Kasal)
- Custody orders (Kautusan ukol sa Kustodya)
- Legal protection or restraining orders
- Care cards/medical coverage forms
- Medical records para sa lahat ng miyembro/ kaanib ng pamilya
- Mga records ng mga anak mo sa paaralan
- Investment papers/records and bank account numbers
- Rental agreement/lease or house deed
- Car title, registration, and insurance information
- Cash (Pera)
- Medical/vaccine records
- 3 years of taxes (ulat ukol sa buwis sa loob ng tatlong taon)
- School records (talaan ng mga anak sa paaralan)
- Credit cards and statements
- ATM card
- Cheque book and bank book (tseke at libreta sa bangko)
- House, car, and safety deposit box or post office box keys (Mga susi sa bahay, sasakyan, ligtas na kahon o kaya's post office box)
- Calling card
- Cell phone
- Address book (listahan ng mga address o tirahan)
- Isang buwang imbak ng lahat ng mga gamot na iniinom/ ginagamit mo at ng iyong mga anak
- Kopya ng mga prescription/ reseta
- Mga alahas o maliliit na bagay na maring ipagbili
- Mga litrato/larawan (siguruhing may litrato ka ng iyong asawa para magamit mo sa mga kasulatang legal)
- Mga alaala
- Mga iniingatang bagay o gamit ng mga anak (hal. stuffed animals o espesyal na blangket)
- Mga damit mo at ng iyong mga anak
- Pay stubs (mo at ng iyong asawa)
- Insurance information (impormasyong ukol sa seguro)

Maaari mo ring linisin o burahin ang kasaysayan o mga talaan sa iyong computer sa gayon ang iyong asawa o kinakasama ay di Makita kung ano ang mga hinahanap mo (halimbawa, kung ikaw ay naghahanap ng mga pansamantalang tirahan o transition houses)

Kung di mo ganap na tiyak kung papaano mo mabubura ang kasaysayan/mga talaan, tingnan sa www.google.com at i-type "how to clear your history" sa search bar.

Mga Maaaring Pagkunan/Resorses

YWCA Metro Vancouver/ Kalakhang Vancouver

Legal Educator 604 734 5517 x 2235

Single Mothers' Support Services 604 895 5797

Karandagang Pagkukunan ng mga impormasyon

Victimlink 1 800 563 0808

Community Referral 2-1-1

Access Justice 604 878 7400

ATIRA Women's Resource Services 604 331 1407

Battered Women's Support Services 604 687 1868

Family Duty Counsel 604 660 1508

Family Justice Services 604 660 2084

Legal Services Society 604 408 2172

MOSAIC 604 254 9626

Pro Bono BC 604 893 8932

Salvation Army pro bono 604 694 6647

South Fraser Women's Centre 604 536 9611

Vancouver Lower Mainland

Family Services Society 604 436 1025

Online Resources

Clicklaw.bc.ca

Familylaw.lss.bc.ca

povnet.org

bcfamilylawresource.com

ywcavan.org/legaleducator



Ang *YWCA Vancouver* ay isang rehistradong nag-kawanggawa, nagbibigay ng malawakang serbisyo para sa mga kababaihan at kanilang mga pamilya, kasama na ng mga taong nagnanais na mapabuti ang kanilang antas ng pamumuhay. Ito'y nagsisimula sa maagang mag-aaral at paglingap ukol sa pabahay, kalusugan at kalakasan, panghanap-buhay at pamumuno. Ang YWCA ay kumakalinga sa buhay sa loob ng pamayanan o mga kumunidad sa kalakhang Vancouver.